

Lahat ng mga Albertans na may 12 taong gulang ngayon ay karapat-dapat para sa ikalawang dosis

Hunyo 18, 2021

Epektibo kaagad, ang sinumang nakatanggap ng unang dosis ng mRNA (Pfizer o Moderna) noong Mayo o mas maaga ay maaaring mag-book ng kanilang pangalawang dosis ng bakuna sa COVID-19.

Patuloy na namumuno ang Alberta sa pamamahala ng pangalawang dosis sa Canada, na may higit sa 25 porsyento ng karapat-dapat na populasyon ay ganap nang nabakunahan. Ang gobyerno ng Alberta ay pinapabilis ang pangalawang dosis sa pamamagitan ng pagbubukas ng mga tipanan para sa lahat ng mga Albertans.

Ang sinumang nakatanggap ng unang dosis ng mRNA noong Hunyo ay maaari na ring mag-book ng kanilang pangalawang dosis sa sandaling apat na linggo na ang lumipas mula sa kanilang unang pagturok. Ito ay nangangahulugan na higit sa 983,000 mga Albertans ay maaaring mag-book ng pangalawang appointment sa pamamagitan ng Alberta Health Services (AHS) at mga kalahok na parmasya at mga klinika ng manggagamot.

Pag-book ng mga appointment sa pangalawang dosis

Ang mga Albertans na nagkaroon ng kanilang unang pagbabakuna sa Pfizer o Moderna (bakuna sa mRNA) na may apat na linggong nakakaraan o higit pa ay maaaring mag-book ng kanilang pangalawang dosis sa pamamagitan ng pag-book ng online sa Alberta Health Services, sa pamamagitan ng pagtawag sa Health Link sa 811 o sa pamamagitan ng mga kalahok na tanggapan ng mga doktor o parmasya. Upang mahanap ang pinakamalapit na botika na may pinakamaagang magagamit na petsa ng pag-book, suriin ang listahan sa [Alberta Blue Cross](#).

Ang mga Albertans na nakatanggap ng unang dosis ng AstraZeneca ay dapat magpatuloy na maghintay ng isang minimum na walong linggo bago mag-book ng kanilang pangalawang dosis upang matiyak ang pinakamahusay na pagiging epektibo. Ang mga appointment ay maaaring mai-book sa pamamagitan ng Alberta Health Services sa pagtawag sa 811.

Ang mga unang dosis ay inuuna. Ang mga Albertans na hindi pa nakakatanggap ng kanilang unang dosis ng bakuna ay maaari pa ring mag-book ng appointment at hinihimok namin silang gawin ito. At saka, kung makakatanggap ka ng unang dosis at magparehistro sa [alberta.ca/lottery](#) bago mag-11:59 pm sa Hunyo 24, karapat-dapat kang manalo ng \$1 milyon sa pamamagitan ng Alberta's Open for Summer Lottery.

Tool sa Online para sa mga nabakunahan sa labas ng lalawigan

Nag-aalok ang Alberta Health Services (AHS) ng bago, ligtas na portal na nakabatay sa web upang maipasok ang mga Albertans sa kanilang mga tala ng kalusugan ang pagbabakuna ng COVID-19 na natanggap nila sa anumang labas ng lalawigan at labas ng bansa.

Ang mga tao ay maaaring magsumite ng mga tala ng pagbabakuna sa labas ng lalawigan o labas ng bansa sa ngalan ng kanilang sarili o kanilang anak / kabataan na wala pang 18 taong gulang. Ang mga tala ay susuriin ng AHS at ang nasuring impormasyon ay magagamit sa loob ng dalawa hanggang tatlong linggo sa MyHealthRecords account ng isang indibidwal.

Kaugnay na impormasyon

- [I-book ang iyong appointment sa pagbakuna](#)

Mga katanungan sa media

[Jerrica Goodwin](#)

587-988-3278

Kaligham ng Press, Opisina ng Premier

[Tom McMillan](#)

780-422-4905

Pangalawang Direktor ng Komunikasyon, Kalusugan

Para sa higit pang mga mapagkukunang naisalin ng gobyerno, mangyaring bisitahin ang:
<https://www.alberta.ca/covid-19-translated-resources.aspx>.